Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna



# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Pinagpasiyahan na ang tanggapan pa rin ng Pambayang Ingat-Yaman ang tatanggap ng salaping pakinabang sa may-ari ng sabungan at sila din ang magbibigay sa itinalagang tagapakinabang batay sa Kapasiyahang pagtitibayin ng kapulungan.

***************

Hinggil sa kahilingan ni G. Entoy Velandres na mamagitan ang kapulungan sa kanyang suliranin hinggil sa di pagbabayad sa kaniya ng utang ng Tagapag-paunlad ng Ciudad Grande ay ipinaliwanag ni Kag. Entena na ang kanyang suliranin ay pribado, gayunpaman ay pinagpasiyahan na hilingin sa Punong-bayan na sulatan ang kinauukulan upang hilingin sa may-utang na bayaran si G. Velandres.

***************

APPROVED
RESOLUTION No. 314-A - '92
PROVINCIAL BOARD
Disyembre 2, 1992

KAUTUSANG BAYAN BLG. XXV-'92
(Sa mungkahi ni Kag. Perez na pinangalawahan ni Kag. Dungao)

ANG KAUTUSANG BAYAN

na nagtitibay ng paglalaan ng halagang ANIMNAPUNG LIBONG PISO (₱60,000.00) mula sa kabang bayan upang iukol sa pagpapagawa ng trak na naghahakot ng basura (garbage truck).

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

***************

APPROVED
RESOLUTION No. 314-A - '92
PROVINCIAL BOARD
Disyembre 2, 1992

KAPASIYAHAN BLG. 520'92
(Sa mungkahi ni Kag. Tapangco na pinangalawahan ni Kag. Lazaga)

ANG KAPASIYAHAN

na nagtitibay ng pagbibigay pahintulot kay Punong-bayan ROBERTO R. GONZALES na lumagda sa isang kasunduan upang maisakatuparan ang pagpapagawa ng trak na naghahakot ng basura.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

REYNALDO C. ENTENA
Kagawad

ALICIA C. LAZAGA
Kagawad

FRANCISCO C. PAMBUAN
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad